

## 1 | Mga hayskul students bilang student extensionists

2

3 Ayon sa isang surbey sa 650 estudyante mula sa Nueva Ecija, Bulacan, at  
4 Pangasinan, 98.5% ay naniniwala pa rin na ang agrikultura ay makapagbibigay  
5 ng magandang kinabukasan sa kanila.

6 Ipinapakita ng surbey na ang mga estudyante ay mulat sa kagandahang dulot ng  
7 pagtatrabaho sa larangan ng agrikultura.

8

9 Samantala, isinusulong ng PhilRice ang Infomediary Campaign. Layunin nito na  
10 pakilusin ang mga high school students para maging tagapaghatid ng  
11 impormasyon sa agrikultura sa kanilang komunidad.

12

13 Nais ng Infomediary Campaign na punan ang kakulangan ng mapagkukuhanan ng  
14 impormasyon ng ating mga magsasaka. Mayroong tatlong estratehiyang  
15 ginagamit ang nasabing kampanya.

16

17 Una, Read Component kung saan namimigay sa mga paaralan ng mga babasahin  
18 sa pagsasaka tulad ng libro, posters, brochures, at iba pa.

19

20 Ikalawa, ang Surf Component kung saan ipinapakilala ang Pinoy Rice Knowledge  
21 bank website. Ang website na ito ay mapagkukunan ng impormasyon sa  
22 pagpapalay mula binhi hangang sa pag-aani. Ito ay maaaring ma-access gamit  
23 ang internet. Pero kung walang internet, ang mga *participating schools* ay  
24 binibigyan din ng *offline version* ng Pinoy Rice Knowledge Bank.

25

26 Ikatlo, ang Text Component. Itinuturo ang PhilRice Text Center bilang 0920 911  
27 1398 na siyang pwedeng mapagtanungan ng impormasyon sa pagpapalay sa  
28 pamamagitan ng pagtext o pagtawag.

29

30 Bukod sa tatlong estratehiyang nabanggit, ang mga piling guro ay sinasanay ng  
31 PhilRice tungkol sa pagsasaka na siya namang ituturo nila sa mga estudyante.  
32 Ang bawat kalahok na paaralan ay mayroon ding mga rice garden kung saan  
33 mismong estudyante at mga guro ang siyang nag-aalaga sa mga tanim na palay.  
34 Ang Infomediary Campaign ay proyekto ng DA-PhilRice at Technical-Vocational  
35 Unit ng Kagawaran ng Edukasyon. Tinatayang walampu't isang TechVocschools  
36 ang kasali sa nasabing kampanya.

37

38 Para sa karagdagang impormasyon, magtext o tumawag sa PhilRice Text Center  
39 bilang 0920 911 1398.